

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Inaanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang mga kaloob sa mga charity at mga non-profit na mga organisasyon sa pamamagitan ng Advance Brampton Fund**

BRAMPTON, ON (Abril 6, 2021) – Bilang bahagi ng 2021 Advance Brampton Fund (ABF), ang Lungsod ng Brampton ay nagtatalaga ng mga kaloob para suportahan ang 42 non-profit at pangkawang-gawang mga organisasyon na nasa Brampton.

Ang talaan ng mga benepisyaryo ay makikita sa [website ng Lungsod](#).

Ang aprubado ng Konseho na program framework para sa ABF sa Oktubre 2020 para sa mga proyekto sa tatlong stream – Emerging, Developing at Amplifying. Ang deadline para sa stream ng mga Proyektong Developing at Amplifying ay Pebrero 3, 2021.

Bago sa taon na ito ay ang stream ng Amplifying na mga Proyekto, na sumusuporta sa bago at lumilitaw na mga proyekto sa Brampton at tumatanggap ng mga aplikasyon sa bawat quarter. Bukas na ngayon ang ikalawang panawagan para sa mga aplikasyon. Ang stream ng Emerging na mga Proyekto ay nagbibigay ng katumbas na panustos sa mga kawang-gawa at non-profit na mga organisasyon na nasa Brampton nang hanggang \$5,000. Ang deadline para mag-aplay sa kaloob na ito ay Abril 30, 2021. Para sa mga patnubay sa programa, bisitahin ang [www.brampton.ca/ABF](http://www.brampton.ca/ABF).

Ang isa sa Termino ng mga Prayoridad ng Konseho ay umaambag tungo sa *Nakakalusog at Ligtas na Lungsod*. Dahil ang kaligtasan at kabutihan ng komunidad ay natukoy bilang isang lumilitaw na pangangailangan sa loob ng programang ABF, tinustusan ng Lungsod ng Brampton ang mga organisasyon na sumusuporta sa mga proyekto para sa kaligtasan at kabutihan sa komunidad.

Isa sa mga 2021 kaloob na ibinigay sa pamamagitan ng *Amplifying* stream ng ABF para sa kaligtasan ng komunidad ay sa Big Brothers Big Sisters ng Peel para sa mga programa nito sa pagme-mentor. Ang mga programa ng pagme-mentor ay nagtataguyod ng positibong pag-unlad ng kabataan, mga oportunidad sa paglilibang at pagpapaulad sa liderato ng Brampton youth.

Nakatanggap ang organisasyon ng \$25,000 para tustusan ang mga programa ng pagme-mentor ng grupo sa Brampton; isang 'Bigs on Campus' Group Mentoring Program sa Sheridan College; at, ilulunsad ang Black Youth Mentoring Program, nasa Sheridan College rin.

### **Mga Quote**

“Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang natatangi at mahalagang mga tungkulin na magagampanan ng mga kawang-gawa at mga non-profit na organisasyon sa paghahandog ng mga programa na nakakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad, bumabagay sa mga serbisyo ng Lungsod at umaambag sa pagpapasulong ng 2018-2022 Termino sa Mga Prayoridad ng Konseho. Ipinagmamalaki natin na ipagpapatuloy ang pamumuhunan na ito sa Brampton sa pamamagitan ng Advance Brampton Fund.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Mula sa pagsuporta sa mga festival at mga event, hanggang sa mga lokal na non-profit na organisasyon na naghahatid ng mga programa sa kalusugan at kabutihan sa ating kabataan at mga senior, committed ang Lungsod ng Brampton na suportahan ang mga inisyatiba na bumubuo sa ating lungsod at humihikayat sa atin tungo sa ating 2040 Vision. Nagpapasalamat tayo sa ating mga benepisyaryo ng ABF at sa makahulugang trabaho na ginagawa nila para suportahan ang ating komunidad.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Sa oportunidad para sa kada quarter na pag-aaplay para sa lumilitaw na mga stream ng proyekto, hinihikayat ko ang lahat ng mga organisasyon sa pagkakawang-gawa at non-profit na mag-aplay para sa buwang ito ng Abril. Ang inyong mga organisasyon ay nagbibigay ng mga programa na bumubuo sa komunidad ng Brampton at gumagawa ng positibong kaibahan sa kalidad ng buhay ng mga residente.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Advance Brampton Fund ay nagpapaposible sa Lungsod ng Brampton na makipag-partner sa mga kawang-gawa at non-profit na mga organisasyon sa komunidad para maghatid ng mga benepisyo sa mga residente at makiayon sa Termino ng mga Prayoridad ng Konseho at susuporta sa Brampton 2040 Vision Plan. Committed ang ating team sa pagsuporta sa mahalagang trabaho na ginagawa ng mga pangkat na ito para mapaganda ang buhay ng napakarami sa ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)